Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon Administratibo ng Cordillera
SANGAY NG MGA PAARALAN LUNGSOD BAGUIO

DepED DIVISION OFFICE BAGUIO CITY
AUG 09 2021
RELEASED

4 Agosto, 2021

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 267 s. 2021`

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2021**

Para sa: Mga Puno ng mga Tagamasid Pansangay CID at SGOD
Mga Tagamasid Pandistrito ng Pampubliko at Pampribadong Paaralan
Mga Tagamasid Pansangay sa Bawat Asignatura
Punongguro ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan
Mga Kawaning Pansangay

1. Alinsunod sa itinakdang Pampanguluhng Proklamasyon **Blg. 1041, s. 1997**, na nagpapahayag ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31.**
2. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay **Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino.**
3. Layunin ng Buwan ng Wika 2021 ay ang sumusunod:

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg.1041:
   b. maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wiklang Pambansa; at
   e. maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Ang Sangay ng mga Paaralang Lungsod, Lunsod Baguio ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa sa ika-19 ng Agosto, 2021 sa ganap na ika-8:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali. Inaanyayahan ang lahat ng kawani ng SDO – Baguio na mag-filipiniana o anumang katutubong kasuotan.

4. Kalakip nito ang programa ng nasabing pagdiriwang at gagawin ito ng birtuwal.Para lamang ito sa mga kawaning Pansangay ng DepEd Baguio.

5. Ang mga gawain sa Buwan ng Wika ay mungkahing ipatupad sa mga paaralang nagsisimula na ng Taong Panuruan at gagawin ito ng birtuwal. Samantala hindi ito sapilitan sa mga paaralang nasa bakasyon pa.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**FEDERICO P. MARTIN EdD,CEdD, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan, Lunsod Baguio

For the Schools Division Superintendent:

**CHRISTOPHER C. BENIGNO**
Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan, Lunsod Baguio

"DepEd SDO Baguio City: We Serve, We Care."
Address: 82 Military Cut-off Road, Baguio City
Telephone/Fax: 074-442-4326 / 074-442-7819 | Email: depedbaguiocity@gmail.com
Website: www.depedpines.com | Facebook Page: facebook.com/DepedTayoBaguioCity
ISO 9001:2015 Certified Quality Management System CRN RU-19.2560.026 Issued on 12/27/2019

-- pm7

Republika ng Pilipinas

Kagawaran ng Edukasyon

Rehiyon Administratibo ng Cordillera

SANGAY NG MGA PAARALAN LUNGSOD BAGUIO

**Enklosyur blg. 1 Memorandum Pansangay blg. _____, s.2021**

**PALATUNTUNAN**
**2021 BUWAN NG WIKA**
**Ika-19 ng Agosto, 2021**

**"FILIPINO AT MGA KATUTUBONG WIKA SA DEKOLONISASYON NG PAG-IISIP NG MGA PILIPINO'**

| ORAS | GAWAIN | |
|---|---|---|
| 8:00-8:10 | PAMBANSANG AWIT | AVP |
| | PANALANGIN | AVP |
| 8:11-8: 16 | PAMBUNGAD NA PANANALITA | **JULIET C. SANNAD, EdD.**<br>*Puno ng mga Tagamasid Pansangay-CID, Lungsod Baguio* |
| 8: 18-8: 23 | MENSAHE | **FEDERICO P. MARTIN, CESO V**<br>*Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan, Lungsod Baguio* |
| 8:24-8:30 | PAGPAPAKILALA NG PANAUHING TAGAPAGSALITA | **MARILYN S. API-IT**<br>*Tagamasid Pansangay sa Filipino, , Lunsod Baguio* |
| 8:31-9:05 | MENSAHE NG PANAUHING TAGAPAGSALITA | **JIMMY FONG**<br>*Komisyoner para sa mga Wika ng mga Pamayanang Kultural sa Hilagang Luzon,KWF*<br>**Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino.** |
| 9:06-9:10 | PAGGAGAWAD NG SERTIPIKO NG PAGKILALA SA PANAUHING TAGAPAGSALITA | **CHRISTOPHER C. BENIGNO**<br>*Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan, Lunsod ng Baguio* |
| 9:10-11:30 | TIMPALAK INTERPRETATIBONG KATUTUBONG SAYAW AT AWIT (BIRTUWAL) | OSDS, CID at SGOD |
| 11:30-11:45 | PASASALAMAT | **ARTHUR TIONGAN**<br>*Puno ng mga Tagamasid Pansangay-SGOD, Lunsod Baguio* |
| 11:45-12:00 | ANUNSIYO NG MGA NAGWAGI SA PATIMPALAK | |
| GURO NG PALATUNTUNAN: ROSE MELODY M. FLORES, PhD. | | |

**Enklosyur blg. 2 Memorandum Pansangay blg. _____, s.2021**

**PANUNTUNAN AT MEKANIKS SA INTERPRETATIBONG SAYAW NG KATUTUBONG AWIT (BIRTUWAL)**

a. Bawat yunit (**OSDS, SGOD at CID**) ay bubuo ng isang grupo na may labing limang (15) miyembro
(puro babae, puro lalake o kumbinasyon ng babae at lalake).
b. Ang pagtatanghal ay tatagal ng walo (8) hanggang sampung (10) minuto sa pamamamagitan ng birtuwal. Maaaring hatiin ang labinglimang miyembro sa tatlong grupo basta tuloy-tuloy ang pagtatanghal upang makatugon sa mga panuntunan ng IATF.
c. Ang katutubong awiting mapipili ay maaaring kontemporaryo, klasiko, sariling komposisyon o *novelty*.Maaari itong itanghal ng live na kung saan ang mga mang-aawit ay kasama na sa labinglimang miyembro (15) miyembro.
d. Pagkatapos ng pagtatanghal may isang miyembrong magpapaliwanag tungkol sa ginawang palabas na tatagal lamang ng isang (1) minuto.
e. Ang tema ng pagtatangahal ay,"Wikang Katutubo: Tanghalan ng Yaman at Kalinangang Katutubo."
e. Kraytirya ng timpalak:

| | |
|---|---|
| **1. KOREOGRAPI** | **50%** |
| **2. KASUOTAN** | **20%** |
| **3. KAANGKUPAN SA TEMA** | **30%** |
| | **100%** |

f. May karampatang premyong matatanggap ang una, ikalawa at ikatlong gantimpala.


Address: 82 Military Cut-off Road, Baguio City
Telephone/Fax: 074-442-4326 / 074-442-7819 | Email: depedbaguiocity@gmail.com
Website: www.depedpines.com | Facebook Page: facebook.com/DepedTayoBaguioCity
ISO 9001:2015 Certified Quality Management System CRN RU-19.2560.026 Issued on 12/27/2019